


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 43  
Katapatan sa Salita at Gawa



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikaapat na Markahan – Modyul 43: Katapatan sa Salita at Gawa**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Sidla M. Lecciones, Marc Jan M. Maturan
<b>Editor:</b>	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth M. Ysulan, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion
<b>Tagaguhit:</b>	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
<b>Tagalapat:</b>	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Ivan Paul V. Damalerio
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600  
Telefax No.: (085) 342-5969  
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 43  
Katapatan sa Salita at Gawa**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa loob ng tahanan ay itinuro ng iyong mga magulang ang pagiging matapat at ang kahalagahan nito sa buhay. Ngunit kung hindi mo ito nagawa lalo na kung nagsisinungaling ka ay napagsasabihan ka o di kaya ay ganoon na lamang ang galit o di kaya ay napagsasabihan ka sa maling nagawa mo. Nais ng iyong magulang na mahubog ito sa iyo dahil ang pagiging matapat ang magiging daan na pagkatiwalaan at irespeto ka ng iyong kapwa. Ito rin ang paraan para ikaw ay maging mabuting tao.

Sa loob man ng paaralan ay madalas mong marinig ang “*Honesty is the Best Policy*”, madalas din itong makikita na nakasulat sa dingding ng silid-aralan at palagi din itong itinuro ng mga guro at maging ng mga nakatatanda sa iyo. Ngunit tama na ba ang iyong nalalaman tungkol dito?

Sa modyul na ito matututunan at maisasapuso mo ang kahalagahan ng katapatan at malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Naipapaliwanag ang pagiging tapat sa salita at gawa ay pagpapatunay ng pagkakaroon ng komitment sa katotohanan at ng mabuti/matatag na konsensya. May layunin itong maibigay sa kapwa ang nararapat para sa kanya, gabay ang diwa ng pagmamahal. **(EsP8-IIIh-12.3)**



## Subukin

### Maraming Pagpipilian

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Paano mo maipapakita ang katapatan sa iyong mga magulang? Sa pamamagitan ng:
  - A. pagtulong sa mga gawaing bahay.
  - B. pagsasabi ng katotohanan sa magulang.
  - C. paghingi ng sobrang pera bago pumasok.
  - D. pagpapakita ng mga marka sa bawat markahan.
2. Nakita ni Teddy na nahulog ang *cellphone* ng isang babae na papuntang *canteen* kaya pinulot niya ito at ibinigay sa may-ari. Bakit ito ginawa ni Teddy? Dahil:
  - A. kilala niya ang babae.
  - B. isa siyang tapat na bata.
  - C. may *crush* siya sa babae.
  - D. gusto niya ng gantimpala.
3. Bakit mahalagang maging matapat sa salita at sa gawa ang isang tao? Upang:
  - A. maging sikat.
  - B. makatanggap ng pabuya.
  - C. makatanggap ng papuri mula sa iba.
  - D. magkaroon ng kapayapaan ang kalooban.
4. Nang naglaba si Tinay ay may nakita siyang pera sa bulsa ng pantalon ng tatay niya. Tumpak ito sa presyo ng nagustuhan niyang tsinelas kaya ibinili niya ito nang walang paalam. Bakit ito nagawa ni Tinay?
  - A. Dahil wala na siyang tsinelas na maisusuot.
  - B. Dahil hindi siya binigyan ng pera na pambili ng tsinelas.
  - C. Dahil siya ang nakakita sa pera ibig sabihin sa kanya na ito.
  - D. Dahil hindi siya naging matapat sa sarili at sa mga magulang.
5. Ano ang tawag sa paggawa ng mabuti o pagsasabi ng totoo sa lahat ng oras, bagay, pangyayari o sitwasyon?
  - A. kadakilaan
  - B. karunungan
  - C. kasikatan
  - D. katapatan

6. Hindi makatulog at balisa si Jennifer dahil hindi mawaglit sa isipan niya na napagalitan ng kanilang guro ang kaklase niyang si Rex na napagbintangang sumira sa proyekto ni Sam. Alam niya kung sino talaga ang may gawa. Bakit hindi makatulog si Jennifer?
- Dahil sa kaiisip sa kaklaseng si Rex.
  - Dahil hindi siya dinadalaw ng antok.
  - Dahil inuusig siya ng kanyang konsensya.
  - Dahil iinisip niya kung papaano sasabihin sa guro ang totoo.
7. Nakakita ng isang daang piso si Gina sa pasilyo ng kanilang paaralan kaya ipinagbigay-alam niya sa mga guro at naibalik sa may-ari ang pera. Bakit ito ang ginawa ni Gina?
- Dahil likas na matapat si Gina.
  - Dahil gusto niyang purihin ng mga guro.
  - Dahil inutusan siya ng guro na isauli ang pera.
  - Dahil gusto niyang makatanggap ng pabuya sa may-ari.
8. Si Lino ay nagpaalam sa kanyang nanay na gagabihin siya sa pag-uwi dahil may tatapusin na proyekto. Namalengke ang kanyang nanay at nakita nito si Lino na naglalaro lamang ng basketbol sa may *basketball court*. Ano ang maaring ibunga ng pangyayaring ito sa susunod na magpapalaam siyang muli sa kanyang nanay?
- Mas dadami ang kanyang mga kaibigan.
  - Pagkatiwalaan pa siya ng kanyang nanay.
  - Hindi siya bibigyan ng pera para sa proyekto.
  - Magdududa ang nanay kung nagsasabi ba siya ng totoo.
9. Dahil *championship game* sa basketbol at maglalaro ang iniidolong team ni Kikoy, naisipan niyang sumulat ng liham na siya ay may lagnat para siya ay makaliban sa klase. Kinahapunan, bumisita ang guro sa kanilang bahay at nalaman nitong walang lagnat si Kikoy dahil sinabi ito ng kanyang nanay. Tama ba ang ginawa ni Kikoy?
- Hindi, dahil mali ang lokohin ang guro.
  - Oo, dahil nanood lang naman siya ng laro.
  - Hindi, dahil labag ito sa birtud ng katapatan.
  - Oo, dahil isang beses lang naman siyang lumiban sa klase.
10. Bakit kailangang gamitin ng tao ang kanyang konsensya sa bawat pagpapasya?
- Upang:
- walang kaalitan sa buhay.
  - hindi magkamali ng sasabihin.
  - hindi tama ang maging pagpapasya.
  - maging tama ang sasabihin o gagawin sa buhay.

11. Ano ang maaring makamit ng tao kung isasabuhay ang katapatan sa salita at sa gawa?
- A. pagkapahamak sa sarili
  - B. respeto at tiwala ng kapwa
  - C. rebelasyon ng masasakit na salita
  - D. may kaaway sa loob at labas ng bahay
12. Paano mo hihikayatin ang mga mag-aaral sa pagpapakita ng katapatan sa kanilang kapwa mag-aaral kung ikaw ang Pangulo ng SSG sa inyong paaralan?
- A. Magiging mabuting ehemplo ako sa kanila upang sila'y mahikayat.
  - B. Pasasalamat isa-isa ang mga mag-aaral nang matapat.
  - C. Uutusan ko silang magwalis sa paligid upang makagawa ng kabutihan.
  - D. Bibigyan ko ng pangaral ang kapwa mag-aaral na magsasauli ng nawawalang gamit.
13. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapatunay ng kahalagahan ng katapatan?
- A. Itinakbo ng kasambahay ang alahas ng mga amo niya habang nasa bakasyon.
  - B. Nagpapasalamat ang isang Amerikano sa isang nagmamaneho ng taxi dahil ibinalik nito ang kanyang dolyares.
  - C. Nang dahil sa balita tungkol sa eskandalong kinasangkutan ng politiko nawalan ng tiwala ang mga tao sa kanya.
  - D. Nahihirapang magdisesyon si Laila dahil nagtatalo ang kanyang isip at puso sa kung ano ang dapat niyang gawin sa perang napulot niya sa parke.
14. Nagpaalam sa kanilang mga magulang na pupuntang sayawan ang kuya ni Aljon ngunit hindi ito pinayagan. Nang tulog na ang kanilang mga magulang papatakas na nakita niya ang kuya niya na dumaan sa bintana. Sinabihan siya nito na huwag magsumbong at tumango lang siya. Tama ba ang ginawa ni Aljon?
- A. Hindi, dahil nagpadala siya sa takot sa kanyang kuya
  - B. Oo, dahil nagpaalam naman sa kanya ang kanyang kuya
  - C. Hindi, dahil pumanig siya sa maling ginawa ng kanyang kuya
  - D. Oo, dahil pinayagan naman ng kanilang magulang ang kanyang kuya
15. Bakit may pagkakataong ang tao ay nahihirapan magsabi ng katotohanan?
- A. Dahil walang pakialam.
  - B. Dahil walang konsensya.
  - C. Dahil sa takot na nararamdaman.
  - D. Dahil walang malasakit sa kapwa.



**Aralin****1****Katapatan sa Salita at Gawa**

“Tapat ka sa iyong kapwa kung ikaw ay tapat muna sa iyong sarili.”

-Anonymous

**Balikan**

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito. Ngayon pa lang binabati na kita.

**Gawain 1: Hanap-Salita!**

**Panuto:** Hanapin ang limang salita na may kaugnayan sa umiiral na paglabag ng kabataan sa katapatan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

M	A	S	S	P	S	A	E	D	V	G	H
S	D	F	G	P	J	K	L	M	S	G	F
D	E	R	T	L	U	H	U	I	A	H	N
P	A	N	D	A	R	A	Y	A	B	D	F
F	D	F	V	G	H	J	K	L	O	U	Y
T	E	T	C	I	E	E	F	G	T	T	D
U	F	G	D	Y	F	D	G	F	A	U	D
H	G	H	F	A	D	D	H	G	H	H	C
I	H	N	H	R	V	F	K	B	E	I	G
P	A	N	L	I	L	I	N	L	A	N	G
K	N	B	I	S	B	F	K	H	G	K	V
I	J	K	J	M	N	G	B	N	B	J	B
O	J	I	K	O	M	H	V	B	V	M	N
P	A	G	P	A	P	A	N	G	G	A	P



### **Mga Tala para sa Guro**

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



### **Tuklasin**

#### **Gawain 2: Pagsusuri sa Teksto.**

**Panuto:** Basahin at unawain ang teksto at pagkatapos pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Nagkasakit sa bato ang anak ni Mang Nestor na si Nathan. Masakit ang puson nito, nahihirapang umihi at nilalagnat na. Gusto na nitong magpadala sa ospital ngunit dahil sa pandemyang COVID-19 na nangyayari ngayon sa mundo, walang kapera-pera si Mang Nestor dahil dalawang buwan na siyang hindi nakakapamasada. Ang nanay naman ni Nathan ay walang kita dahil binawalan muna silang magtinda sa bangketa. Sinubukan ni Mang Nestor na manghiram ng pera sa kanyang mga kamag-anak, kumpare, at kasamahang drayber ngunit pareho din ito sa kanila ng sitwasyon na halos wala na ngang makain dahil sa pandemya.

Mabigat at naguguluhan ang isip ni Mang Nestor kung saan siya kukuha ng pera pampagamot sa kanyang anak dahil ayaw niyang may mangyaring masama dito. Habang naglalakad siya pauwi ng bahay, nakita niya ang isang pitaka na nasa kanyang daraanan. Kinuha at binuksan niya ito at nakita niya na may lamang pera at iba pang mahalagang gamit.


Naisip ni mang Nestor na marahil ito na ang sagot ng Panginoon sa dalangin na maipagamot ang kanyang anak sa ospital. Uuwi na sana siya ng bahay nang bigla niyang naisip na mali ang gagawin niya. Naisip niyang kahit mahirap lamang sila ay hindi siya magnanakaw o mang-aangkin ng pagmamay-ari ng iba. Kaya

dumiretso siya sa isang estasyon ng *radio* at nanawagan sa may-ari nang nakita niyang pitaka.

Umuwi si mang Nestor na masaya. Kahit hindi siya nakahiram ng pera, nakagawa naman siya ng mabuti at naging tapat siya sa kapwa. Naresolba ang problema ni mang Nestor nang ipinagamot ang anak niya ng may-ari ng pitaka at sinagot ang gastusin sa ospital dahil sa katuwaan na naibalik ang kanyang mga mahalagang gamit at pera. Dininig parin ng Panginoon ang panalangin niya na maipagamot na walang bahid ng konsensya dahil sa kanyang pagiging matapat.

**Gabay na tanong:**

1. Ano ang suliranin ni Mang Nestor?
2. Bakit hindi tinuloy ni Mang Nestor ang nauna niyang balak sa napulot niyang pitaka?
3. Ano ang ipinakita ni Mang Nestor sa kaniyang pagsasauli ng napulot na pitaka?
4. Kung ikaw si Mang Nestor, gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Bakit?



## ***Suriin***

Katapatan, isang salita na may mabigat na kahulugan. Kahulugang iyong dapat mabatid bilang kabataan. Naturuan ka ba ng iyong magulang na laging maging matapat? Napagalitan ka na ba sa hindi pagsunod dito? Hindi nga ba ang mas ikinagalit nila ay ang hindi mo pagsasabi ng totoo sa mga nangyari kaysa sa ginawa mo? Bakit sa tingin mo ay ganun na lamang sila pagdating sa iyong katapatan? Kailangan mo ba talagang maging matapat palagi? Tama, kaibigan! Dapat itong malinang na pamantayang moral sa buhay mo bilang kabataan. Ano nga ba ang katapatan?

Ang katapatan ay nangangahulugan ng paggawa ng mabuti o pagsasabi ng totoo sa lahat ng oras, bagay, pangyayari o sitwasyon. Ang katapatan ay ang pinakamahalagang salik sa pamumuhay ng isang tao.

Halimbawa rito ang ginawa ni Mang Nestor sa bahaging ***Tuklasin***. Hindi nga ba't muntik na siyang makagawa ng hindi mabuti sa may-ari ng pitaka dahil sa kanyang matinding pangangailangan. Ngunit nanaig parin kay Mang Nestor ang paggawa ng tama at pagiging tapat. Sinunod niya ang kanyang konsensya at hindi nagpadaig sa tukso. Sa realidad ng buhay, pinakamahirap na gampanan ng tao ang birtud ng katapatan. Dahil hindi lang isip ang kikilos sa pagiging matapat, kasali din dito ang kaibuturan at ang konsensya ng tao.

Kaya upang iyong malaman kung paano o ano ba ang batayan sa pagpapakita ng katapatan sa salita at sa gawa. Narito ang mga paraan;

#### 1. Pagsabi ng katotohanan

Bilang kabataan dapat mong isapuso ang pagiging matapat sa salita at sa gawa. Ang pagsabi ng katotohanan ay nagpapakita rin ng katapatan dahil ito lang ang makapagbigay ng kapayapaan sa iyong isipan. Kung palagi kang magsasabi ng tapat, wala kang pangamba na iisipin at payapa ka sa iyong pagtulog. Dahil kung hindi ka magsasabi ng katotohanan ito ay dadalhin mo sa iyong konsensya at hindi ka patatahimikin nito habambuhay. Ito rin ang nagsisilbing pundasyon na nagbubuklod at nagpatatag sa isang samahan, pamilya o pagkakaibigan.

Marami pang ibang mga dahilan kung bakit kailangan sabihin ang katotohanan. Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga ito.

- upang malaman ang buong pangyayari,
- magsilbing proteksyon sa mga taong inosente o napagbintangan sa kasalanang hindi naman siya ang may gawa,
- magsisilbing daan para mapagkatiwalaan ng kapwa,
- magkaroon ng seguridad at kapayapaan ng kalooban at batayan sa taong may magandang reputasyon at may paninindigan sa kung ano ang tama, at
- ang batayan sa pagiging totoo sa sarili at sa kapwa.

#### 2. Laging gumawa ng naayon sa katuwiran

Ang paggawa o pagsasabi ng naayon sa katuwiran ay makapagdudulot ng katiwasayan sa iyong isipan. Hindi ka mawawala sa iyong daraanan kung palaging isasa-isip na ang lahat ng gagawin ay naayon sa tamang landas. Kung ang iyong mga gawa ay wala sa katuwiran, maari kang maging salot ng lipunan o magiging habulin ng mga awtoridad dahil ikaw ay parating magkakasala sa batas. Dahil dito magiging walang katahimikan ang iyong buhay.

#### 3. Laging iisipin na ang lahat ng gagawin o sasabihin ay naayon sa kawastuhan.

Kawastuhan ay ang paggawa o pagsasabi ng mga bagay na hindi nakakasakit o nakakapahamak ng kapwa. Palaging isipin na ang pagsunod sa kawastuhan ay makakabuti sa iyong pagkatao, lalo na sa iyong pakikisama sa mga taong nakapaligid sa iyo. Kapag ang mga ginagawa mo ay hindi naayon sa kawastuhan, ikaw ay magkakasala sa batas ng tao at higit sa lahat sa batas ng Panginoon.

#### 4. May Matatag na konsensya

Ang bawat tao ay may konsensya na tumutukoy sa pagkilala ng tao sa mga bagay na mabuti o hindi mabuti. Ginagamit ng tao ang konsensya na magsisilbing


gabay batay sa prinsipyo ng batas moral nang sa gayon, malaman ang kabutihan sa sarili bilang tao. Kaya dapat matutong makinig ang tao sa idinidikta ng konsenya para maging tama ang sasabihin at maging ang gagawin sa buhay.

5. Maging bukas sa pagpapahayag ng iyong saloobin sa kapwa.

Huwag matakot ihayag kung ano man ang nasa iyong saloobin. Makasakit man ang magsabi ng katotohanan pero kung ito ang nararapat ay huwag kang matakot na isiwalat ito. At kung ikaw din ay bukas sa opinyon ng mga taong nakapaligid sa iyo ito ay makakatulong din sa iyo para mapaunlad mo ang iyong sarili. Ang gawaing ito ay nagpapakita din ng iyong pagiging matatag.

Ang mga pamamaraang nabanggit ay makakatulong sa iyo na maging matapat sa salita at sa gawa. Mahirap ang maging matapat para sa isang batang gaya mo na puno ng takot ang puso't isipan. Takot na magkamali at pagalitan ng nakakarami lalo na ang mahusgahan. Ngunit lagi mong tandaan na maari kang magsimula sa maliit na mga bagay-bagay upang iyong matutunan ng lubusan ang pagiging matapat. Dahil nararapat na ngayon pa lamang ay alam mo na na ang pagiging matapat ang magiging batayan mo sa tahimik at matiwasay na isipan at pamumuhay. Ngunit kung hindi katapatan ang paiiralin sa sarili ay magdudulot ito ng hindi maayos na relasyon sa kapwa at mga mahal sa buhay, magsisimula din ito ng gulo o away, at hindi makakamit ang tiwala at respeto ng kapwa.

Kaibigan, kung anuman ang iyong magiging pasya sa kahaharapin mong mga sitwasyon, lagi mo sanang iisipin na ang pagbibigay ng nararapat na katapatan sa kapwa ay hindi mo lamang tungkulin bagkus ito ay kusa mong dapat matutunan dahil naunawaan mo na ang pagiging matapat ay parehong tungkulin at kusang loob na ibinibigay.



## Pagyamanin

### Gawain 3: Reaksiyon mo, Iguhi't paliwanag mo!

**Panuto:** Gumuhit ng ☆ kung nagpapakita ang pahayag ng katapatan at ○ kung hindi. Pagkatapos ay pangatwiran ang iyong sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Napabalita sa telebisyon ang isang taxi driver na nagsauli ng ₱200,000.00 na naiwan ng kanyang naging pasaherong turista.

2. May isang taong magaling sa kompyuter, nagagalingan ang kanyang mga kaibigan sa kanya ngunit magaling din pala itong mang *hack* ng *account* ng iba.

3. Naglalaro sa kalye Sina Dante at Robert gamit ang laruang sasakyan na pagmamay-ari ni Dante. Nang masira ni Dante ang laruan, sinisi niya si Robert na siya daw ang nakasira ng kaniyang laruan.

4. Bago matulog si Nina ginawa muna niya ang kanyang takdang-aralin para handa na ito sa pagpasok bukas at hindi mangongopya sa iba.

5. Nang bumili si Randy sa tindahan napansin niyang sobra ang sukli na ibinigay ng tindera kaya bumalik siya sa tindahan at isinauli ang sobrang sukli.

### Pamantayan sa Pagmamarka

- 10 puntos - Kompletong napangatwiranang ang sagot sa limang sitwasyon na may tamang ideya.
- 7 puntos - Napangatwiranang ang sagot sa apat na sitwasyon na may tamang ideya.
- 5 puntos - Napangatwiranang ang sagot sa tatlong sitwasyon na may tamang ideya.
- 3 puntos - Napangatwiranang ang sagot sa dalawang sitwasyon na may tamang ideya.
- 2 puntos - May naisulat na katwiran sa sagot pero malayo ang mga ideya.

### Gawain 4: Masubok Nga!

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sitwasyong nagsasabuhay ng iba't ibang kilos o gawain ng isang tao na kakikitaan ng birtud ng katapatan at kawalan ng katapatan. Piliin ang titik bilang sagot at isulat ang sagot sa sagutang papel.

Humingi ng sampung piso si Jed sa kanyang nanay dahil may babayaran di umano sa kanilang pangkatang gawain. Ngunit ipinanlaro lamang niya ito sa *computer shop*. Ang hindi alam ni Jed, tumawag pala ang kanyang nanay sa kanyang guro kung mayroon itong bayarin at ang sabi ng kanyang guro na wala itong hiningi na bayarin at lalong wala silang pangkatang gawain.

1. Sa iyong palagay, kung isaalang-alang ang birtud ng katapatan, tama ba ang ginawa Jed?
  - A. Hindi, dahil inabuso niya ang kanyang ina sa panghihingi ng pera.
  - B. Hindi, dahil nagsinungaling siya sa kanyang ina para lang makapaglaro.
  - C. Oo, dahil gusto lang ni Jed na malibang kaya naglaro siya sa computer shop.
  - D. Oo, dahil totoong may babayaran siyang mga kakailanganin sa pangkatang gawain.

Inalok ni Josh si Zed na kopyahin nalang ang kanyang takdang-aralin dahil naawa siya rito. Ngunit tumanggi si Zed sa ginawa ng kaibigan dahil alam niyang masama ang mangopya. Hindi bale nalang kung ilang puntos ang makuha niya basta sa sarili niya alam niyang ginagawa niya ang lahat ng kanyang makakaya.

2. Sa palagay mo, bakit tumanggi si Zed sa pagpapakopya ng takdang-aralin ni Josh?
- A. Dahil natatakot siyang mapagalitan ng guro.
  - B. Dahil nahihiya siyang mangopya sa kaibigan.
  - C. Dahil alam niyang mali ang sagot ng kaibigan.
  - D. Dahil alam niyang mali ang mangopya at may tiwala siya sa sariling kakayahan.

Pinilit si Jeny ng kanyang mga kaklase na magsinungaling sa kanyang mga magulang. Pinayuhan siyang sabihin na gagawa sila ng proyekto para makasama siya sa *party* ng mga kaibigan. Ngunit ayaw niyang magsinungaling dahil nangako siya sa mga magulang na susundin niya ang mahigpit na bilin na huwag gumala tuwing gabi kaya ipinagkibit balik at nalang niya ang mga sinasabi ng mga kaibigan.

3. Bakit hindi sinunod ni Jeny ang payo ng kanyang mga kaibigan para makadalo siya sa party?
- A. Dahil ayaw niyang pumunta sa party.
  - B. Dahil takot siya sa kanyang mga magulang.
  - C. Dahil wala siyang masusuot na damit para sa party.
  - D. Dahil nagiging tapat siya sa pangako niya sa kanyang mga magulang.

Gustong-gustong magkaroon ng bagong *cellphone* ni Bert. Sa sobrang pagnanais ay isinilid niya sa kanyang bulsa ang isa sa *cellphone* na nakadisplay sa *mall*. Halatang kabado ang kanyang mukha, nang papalabas na siya sa tindahan ay tumunog ang *buzzer* sa exit ng mall tanda na mayroong nagnakaw. Kinapkapan siya ng guwardiya at nakuha sa bulsa niya ang *cellphone*.

4. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawang pagnanakaw ni Bert para magkaroon ng bagong *cellphone*?
- A. Oo, dahil wala siyang pambili nito.
  - B. Oo, dahil sa labis niya itong kailangan.
  - C. Hindi, dahil wala ng magtitiwala sa kanya.
  - D. Hindi, dahil makukulong siya sa ginawa niya.



Nakita ni Colen ang aktwal na pagnanakaw ng baon ng isa niyang kaklase sa katabi nito kaya ipinagbigay alam niya ito sa kanyang guro.

5. Bakit isinumbong ni Colen sa kanyang guro ang kaklaseng nagnakaw ng baon?
- A. Dahil nagpapasikat siya sa kanyang guro.
  - B. Dahil ginawa lang niya kung ano ang tama.
  - C. Dahil naawa siya sa kaklaseng ninakawan ng baon.
  - D. Dahil may galit siya sa kaklaseng nagnakaw ng baon.

### Gawain 5: Matapat Ako!

**Panuto:** Piliin sa mga sitwasyon ang naglalarawan ng katapatan at magbigay ng sariling paraan sa pagpapakita ng katapatan batay sa sitwasyon at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nabasag mo ang pinggan na koleksyon ng iyong nanay habang wala ito sa bahay. Nang ito ay nakauwi nagtanong ang nanay mo kung sino ang nakabasag, ano ang isasagot mo?
- A. Magsasabi ka ng totoo na ikaw ang nakabasag.
  - B. Magsisinungaling ka sa nanay mo at sasabihin mong hindi mo alam.

Sagot:

2. Gustong-gusto mo ang laruan ng iyong kaibigan naisipan mong dalhin ito sa iyong bahay?
- A. Dalhin ang laruan ng hindi alam ng may-ari.
  - B. Magpapaalam ka muna bago dalhin ang laruan sa iyong bahay.

Sagot:

3. Binigyan ka lang ng 30 minuto ng iyong nanay para maglaro sa iyong cellphone, at nagtakda ito ng alarm at iniwan ka niyang mag-isa sa iyong silid.
- A. Nang papatapos na ang itinakdang oras dinagdagan mo uli ng 30 minuto.
  - B. Titigil ka sa paglaro nang tumunog na ang *timer* ng iyong nanay.

Sagot:

### **Pamantayan sa Pagmamarka**

- 10 puntos - Kompletong napangatwiranang ang sagot sa tatlong sitwasyon na may tamang ideya.
- 7 puntos - Napangatwiranang ang sagot sa dalawang sitwasyon na may tamang ideya.
- 5 puntos - Napangatwiranang ang sagot sa isang sitwasyon na may tamang ideya.



## ***Isaisip***


### **Gawain 6: Konsepto Ko, Pag-unawa Mo!**

**Panuto:** Sumulat ng isang talatang nagpapaliwanag sa kahalagahan ng pangkalahatang konsepto ng aralin batay sa iyong sariling pagkaunawa.

Ang pagiging matapat sa salita at sa gawa ay dapat laging gawin kahit pa walang makaalam o makakita pagkat ito ang magpapatunay na nasa kaibuturan ng iyong puso ang matatag na konsensya, komitment sa katotohanan, kabutihan at pagmamahal sa sarili at maging sa kapwa.

### **Pamantayan sa Pagmamarka**

- 10 puntos - Nailahad ang paliwanag sa pangkalahatang konsepto na tama ang lahat ng ideya.
- 7 puntos - Nailahad ang paliwanag sa pangkalahatang konsepto ngunit may iilang impormasyon na mali ang ideya.
- 5 puntos - Nailahad ang paliwanag sa pangkalahatang konsepto ngunit marami ang mali sa ideya.
- 3 puntos - May nailahad na paliwanag sa pangkalahatang konsepto ngunit hindi tama ang mga ideya.



## **Isagawa**

### **Gawain 7: Tapat sa Kapwa**

**Panuto:** Ilahad at pangatwiran ang mga nagawang birtud ng katapatan sa kapwa.

Mga nagawa kong katapatan sa kapwa	Mga dahilan kung bakit ko ito ginawa
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

#### **Pamantayan sa Pagmamarka**

- 10 puntos - Nailahad ang limang sagot at napangatwiran ang nagawang katapatan na tama ang mga ideya.
- 7 puntos - Nailahad ang apat na sagot at napangatwiran ang nagawang katapatan na tama ang mga ideya.
- 5 puntos - Nailahad ang tatlong sagot at napangatwiran ang nagawang katapatan na tama ang mga ideya.
- 3 puntos - May nailahad na sagot at napangatwiran ang nagawang katapatan ngunit malayo ang mga ideya.



## **Tayahin**


### **Maraming Pagpipilian**

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Hindi makatulog at balisa si Jennifer dahil hindi mawaglit sa isipan niya na napagalitan ng kanilang guro ang kaklase niyang si Rex na napagbintangang sumira sa proyekto ni Sam. Alam niya kung sino talaga ang may gawa. Bakit hindi makatulog si Jennifer?
  - A. Dahil sa kaiisip sa kaklaseng si Rex.
  - B. Dahil hindi siya dinadalaw ng antok.
  - C. Dahil inuusig siya ng kanyang konsensya.
  - D. Dahil iinisip niya kung papaano sasabihin sa guro ang totoo.
2. Nakakita ng isang daang piso si Gina sa pasilyo ng kanilang paaralan kaya ipinagbigay-alam niya sa mga guro at naibalik sa may-ari ang pera. Bakit ito ang ginawa ni Gina?
  - A. Dahil likas na matapat si Gina.
  - B. Dahil gusto niyang purihin ng mga guro.
  - C. Dahil inutusan siya ng guro na isauli ang pera.
  - D. Dahil gusto niyang makatanggap ng pabuya sa may-ari.
3. Si Lino ay nagpaalam sa kanyang nanay na gagabihin siya sa pag-uwi dahil may tatapusin na proyekto. Namalengke ang kanyang nanay at nakita nito si Lino na naglalaro lamang ng basketbol sa may basketball court. Ano ang maaring ibunga ng pangyayaring ito sa susunod na magpapalaam siyang muli sa kanyang nanay?
  - A. Mas dadami ang kanyang mga kaibigan.
  - B. Pagkatiwalaan pa siya ng kanyang nanay.
  - C. Hindi siya bibigyan ng pera para sa proyekto.
  - D. Magdududa ang nanay kung nagsasabi ba siya ng totoo.
4. Dahil championship game sa basketbol at maglalaro ang iniidolng team ni Kikoy, naisipan niyang sumulat ng liham na siya ay may lagnat para siya ay makaliban sa klase. Kinahapunan, bumisita ang guro sa kanilang bahay at nalaman nitong walang lagnat si Kikoy dahil sinabi ito ng kanyang nanay. Tama ba ang ginawa ni Kikoy?
  - A. Hindi, dahil mali ang lokohin ang guro.
  - B. Oo, dahil nanood lang naman siya ng laro.
  - C. Hindi, dahil labag ito sa birtud ng katapatan.
  - D. Oo, dahil isang beses lang naman siyang lumiban sa klase.

5. Bakit kailangang gamitin ng tao ang kanyang konsensya sa bawat pagpapasya?  
Upang:
- walang kaalitan sa buhay.
  - hindi magkamali ng sasabihin.
  - hindi tama ang maging pagpapasya.
  - maging tama ang sasabihin o gagawin sa buhay.
6. Ano ang maaring makamit ng tao kung isasabuhay ang katapatan sa salita at sa gawa?
- pagkapahamak sa sarili
  - respeto at tiwala ng kapwa
  - rebelasyon ng masasakit na salita
  - may kaaway sa loob at labas ng bahay
7. Paano mo hihikayatin ang mga mag-aaral sa pagpapakita ng katapatan sa kanilang kapwa mag-aaral kung ikaw ang Pangulo ng SSG sa inyong paaralan?
- Magiging mabuting ehemplo ako sa kanila upang sila'y mahikayat.
  - Pasasalamat isa-isa ang mga mag-aaral nang matapat.
  - Uutusan ko silang magwalis sa paligid upang makagawa ng kabutihan.
  - Bibigyan ko ng pangaral ang kapwa mag-aaral na magsasauli ng nawawalang gamit.
8. Alin sa mga sitwasyon ang nagpapatunay ng kahalagahan ng katapatan?
- Itinakbo ng kasambahay ang alahas ng mga amo niya habang nasa bakasyon.
  - Nagpapasalamat ang isang Amerikano sa isang nagmamaneho ng taxi dahil ibinalik nito ang kanyang dolyares.
  - Nang dahil sa balita tungkol sa eskandalong kinasangkutan ng politiko nawalan ng tiwala ang mga tao sa kanya.
  - Nahihirapang magdisesyon si Laila dahil nagtatalo ang kanyang isip at puso sa kung ano ang dapat niyang gawin.
9. Nagpaalam sa kanilang mga magulang na pupuntang sayawan ang kuya ni Aljon ngunit hindi ito pinayagan. Nang tulog na ang kanilang mga magulang papatakas na nakita niya ang kuya niya na dumaan sa bintana. Sinabihan siya nito na huwag magsumbong at tumango lang siya. Tama ba ang ginawa ni Aljon?
- Hindi, dahil nagpadala siya sa takot sa kanyang kuya.
  - Oo, dahil nagpaalam naman sa kanya ang kanyang kuya.
  - Hindi, dahil pumanig siya sa maling ginawa ng kanyang kuya.
  - Oo, dahil pinayagan naman ng kanilang magulang ang kanyang kuya.
10. Bakit may pagkakataong ang tao ay nahihirapan magsabi ng katotohanan?
- Dahil walang pakialam.
  - Dahil walang konsensya.
  - Dahil sa takot na nararamdaman.
  - Dahil walang malasakit sa kapwa.

11. Paano mo maipapakita ang katapatan sa iyong mga magulang? Sa pamamagitan ng:
- A. pagtulong sa mga gawaing bahay.
  - B. pagsasabi ng katotohanan sa magulang.
  - C. paghingi ng sobrang pera bago pumasok.
  - D. pagpapakita ng mga marka sa bawat markahan.
12. Nakita ni Teddy na nahulog ang *cellphone* ng isang babae na papuntang *canteen* kaya pinulot niya ito at ibinigay sa may-ari. Bakit ito ginawa ni Teddy? Dahil:
- A. kilala niya ang babae.
  - B. isa siyang tapat na bata.
  - C. may *crush* siya sa babae.
  - D. gusto niya ng gantimpala.
13. Bakit mahalagang maging matapat sa salita at sa gawa ang isang tao? Upang:
- A. maging sikat.
  - B. makatanggap ng pabuya.
  - C. makatanggap ng papuri mula sa iba.
  - D. magkaroon ng kapayapaan ang kalooban.
14. Nang naglaba si Tinay ay may nakita siyang pera sa bulsa ng pantalon ng tatay niya. Tumpak ito sa presyo ng nagustuhan niyang tsinelas kaya ibinili niya ito nang walang paalam. Bakit ito nagawa ni Tinay?
- A. Dahil wala na siyang tsinelas na maisusuot.
  - B. Dahil hindi siya binigyan ng pera na pambili ng tsinelas.
  - C. Dahil siya ang nakakita sa pera ibig sabihin sa kanya na ito.
  - D. Dahil hindi siya naging matapat sa sarili at sa mga magulang.
15. Ano ang tawag sa paggawa ng mabuti o pagsasabi ng totoo sa lahat ng oras, bagay, pangyayari o sitwasyon?
- A. kadakilaan
  - B. karunungan
  - C. kasikatan
  - D. katapatan




## Karagdagang Gawain

### Gawain 8: Pagsulat ng Tula

**Panuto:** Gumawa ng isang Tula o *Spoken Poetry* tungkol sa katapatan. Isulat ito sa isang *short bond paper*.

#### Rubrik sa Pagsulat ng Tula

<b>Pamantayan</b>	<b>Pinakamahusay (10 puntos)</b>	<b>Mahusay (8 puntos)</b>	<b>Katamtaman (5 puntos)</b>	<b>Hindi Mahusay (2 puntos)</b>
Nilalaman	Napakaayos ang paglalahad ng ideya at nakapaloob ang lahat ng mahahalagang kaisipan sa tula	Maayos ang paglalahad ng ideya at may mahalagang kaisipang nakapaloob sa tula	Maayos ang paglalahad ng ideyang nakapaloob sa tula	Hindi maayos ang paglalahad ng ideya sa tula
Simbolismo/ Pahiwatig	Gumamit ng simbolismo/pahiwatig na nakapag-isip sa mga mambabasa at piling-pili ang mga salita at pariralang ginamit	Gumamit ng ilang simbolismo/pahiwatig na bahagyang napaisip sa mga mambabasa at may ilang piling salita at pariralang ginamit	Gumamit na 1-2 simbolismong nakalito sa mga mambabasa at ang mga salita ay di-gaanong pili	Wala ni isang pagtatangkang ginawa upang makagamit ng simbolismo
Kabuoang Puntos = 20				



# Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subukin</b></p> <p>1. B 2. B 3. D 4. D 5. D 6. C 7. A 8. D 9. C 10. D 11. B 12. A 13. B 14. C 15. C</p> <p><b>Balikan</b></p> <p><b>Gawain 1</b></p> <p>1. pandaraya 2. panlilinlang 3. sabotaha 4. plagiyarismo 5. pagpapanggap</p>	<p><b>Pagymamanin</b></p> <p><b>Gawain 3</b></p> <p>1. ★ 2. ● 3. ● 4. ★ 5. ★</p> <p><b>Gawain 4</b></p> <p>1. B 2. D 3. D 4. D 5. B</p> <p><b>Gawain 5</b></p> <p>1. A 2. B 3. B</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1. C 2. A 3. D 4. C 5. D 6. B 7. A 8. B 9. C 10. C 11. B 12. B 13. A 14. D 15. D</p>
--	--	---



# ***Sanggunian***

## **Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

*3 mga paraan upang maging tapat*. (n.d.).  
10steps. <https://tl.10steps.org/ser-Leal-5595>

*Bakit Mahalaga Maging Tapat – Halimbawa at Kahulugan*. (n.d.). Philippine Newspaper. <https://newspapers.ph/2020/12/bakit-mahalaga-maging-tapat-halimbawa-at-kahulugan/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)